

# *DALAWANG LAYUNIN*

## GABAY NG FACILITATOR

Ang gabay na ito ay tutulong sa iyo na makabuo ng mga talakayan kung paano tukuyin at mas masuportahan ang mga indibiduwal na may kapansanan gamit ang *Two Purposes* video. Bagama't ang mga ideya sa outline na ito ay makatutulong sa iyo na magsimula, maaari ka ring gumawa ng sarili mong mga tatalakayin upang matukoy at matugunan ang mga pangangailangan.

Alamin kung sino ang dapat mong anyayahang manood at talakayin ang *Dalawang Layunin*. Maaari mong isama ang mga lider ng relihiyon, guro, pamilya, at iba pang mga service provider sa inyong komunidad.

### Panoorin bilang isang grupo at pagkatapos ay talakayin

- Ano ang naisip o nadama ninyo habang pinapanood ang video?
- Paano nauugnay ang video na ito sa ating kongregasyon?
- Ano ang ilang "pintuan" na kailangan nating buksan sa ating kongregasyon?
- Ano ang magagawa natin para mabuksan ang mga pintuang iyon?

### Mag-isip ng mga paraan para masuportahan ang mga may kapansanan

#### *Tukuyin*

- Sino sa ating kongregasyon ang may espesyal na mga pangangailangan? Halimbawa, sino ang may kapansanan na hindi nakikita, tulad ng high-functioning autism o emosyonal o iba pang matagal nang sakit?
- Kapag tumingin tayo sa paligid ng ating kongregasyon, sino kaya ang nais na sumambang kasama natin pero wala rito ngayon? Kabilang sa mga halimbawa ang mga magulang ng mga batang may kapansanan at matatanda na may kapansanan sa paningin o pandinig, paulit-ulit na sakit, problema sa pagkilos, at iba pa.
- Paano natin sila maisasama at mabibigyan ng mas maraming pagkakataong mapabilang?

#### *Access*

- Mag-ukol ng ilang minuto para maglakad-lakad sa paligid ng ating mga pasilidad. Ano kaya ang ilang mga sagabal sa mga may kapansanan?
- Tinutugunan ba ng ating mga pasilidad ang mga pangangailangan ng mga taong may limitadong kakayahan o sanhi ba ang mga ito ng pagkabalisa? Ang mga halimbawa ay maaaring mga pisikal na limitasyon, tulad ng hagdan, pintuan, o mikropono, walang rampa para sa wheelchair, at mga social activity na walang mga akomodasyon para sa pagkain.
- Ano ang ilang paraan na mas matutugunan at maisasali natin ang iba?

> *"Tinawag tayo upang salubungin ang estranghero, ngunit hindi dapat manatiling estranghero ang isang estranghero sa napakatagal na panahon."*
>
> *—Dr. Erik Carter, Vanderbilt University*

#### *Mga Pamilya*

- Sino ang mga tagapag-alaga na maaaring mangailangan ng suporta upang mas lubos na makibahagi sa mga aktibidad na itinataguyod natin?
- Paano natin mapalalakas o mapaglilingkuran ang mga indibiduwal na ito at ang kanilang mga pamilya?
- Paano mo at ng iyong pamilya susuportahan ang pagsisikap na ito?

### Ano ang susunod?

- Ano ang gagawin nating mga hakbang bilang resulta ng miting na ito?
- Ano ang gagawin nating kakaiba sa hinaharap?

**Panoorin ang *Two Purposes* video sa disability.ChurchofJesusChrist.org**

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 4/19. Pagsasalin ng *Two Purposes Facilitator Guide.* Tagalog.
PD60008903 893 Inilimbag sa Pilipinas